

toward particular forms. They become higher and higher. Since the people who formulated this theory were Westerners, it is inescapable that they should define the highest form of development as the development which has been achieved in their society: the industrialized culture.

2. There are a lot of theories on evolution but I have focused on two because these are the extremes. Either you get on the royal road to progress and at the end of this road you'll become a Western society. So when the Western countries say: We are going to give aid for the development of the underdeveloped, they are in effect helping these countries to be like themselves. They are not going to give you money to study the various versions of Lam-ang. The people who study this spend their own money, get no aid from the government or any foundation.

I was surprised at the amount of aid when we were studying technology transfer among farmers only to conclude at the end that it does not take place. One thing that I learned from talking with Filipinos in the rural areas: if you just tell them this is good for you, they will not believe you because they know what is good for them. In the same way, when the physician gives you medicine you will ask: What is it for? What good will it do to me? The farmers have this process going on in their mind; only they are not able to articulate it.

3. When you talk of development as an instrument — instrument for what? For a better life? But what is a better life? My idea of a better life is being able to sit at the Manila Hotel and do nothing there. A friend of mine has a different idea. It is sitting in the casino and lose about ₱10,000 one evening and win another ₱10,000 the next night. Now, where do you find the meaning of this?

If you say development is an instrument, instrument for what? Who will determine this? We? If you come from the U. S. you'll likely forget what you learned there. You have a degree now and obtained academic rank from the community; now you have a platform from which you can talk and you must talk and try to get your students to think for themselves because this is a case of define or be defined. You must define or those Westerners will define who you are.

And unfortunately, our students don't think they will not learn anything if they don't read about it from books. They go to the library to read about Asia when all they have to do is look out from the window and that is Asia. If you go out of the door, the person you'll bump into will most probably be an Asian.

#### OPEN FORUM

**Escobar:** Regarding the example given about the farmer, what then should a concerned Filipino citizen do towards national development?

**Epistola:** The same thing I am doing. Learn from them. You don't tell them what is good. You learn from them what is good.

**Sicat:** Ibig kong batiin at purihin si G. Epistola sa kanyang paglalahad sa Pilipino. Ako'y tuwang-tuwa na kaya pala nating sabihin ang ating iniisip sa ating

sariling wika. Lamang ay mayroon din akong kaunting daing. Hindi niya isinalin sa Pilipino ang ibang salita o konsepto tulad ng "modernidad," "development," atbp., sa Pilipino.

Ibig ko rin itanong kung ano talaga ang ibig sabihin ni G. Epistola sa salitang "development". Hindi siya sang-ayon sa patuloy na paggamit ng mga kabihasnang sariling atin. Ayon sa kanya hindi siya sang-ayon sa patuloy na paggamit ng bahag o G-string at hindi rin siya sang-ayon sa paggaya ng kabuhayan mula sa kanluran. Saan tayo susuot? Ano ba talaga ang landas na ibig niyang tahakin natin upang masabi na talaga tayong umuunlad o nag-dedebelop?

Epistola: Unang-una, alamin natin kung saan natin gustong pumunta, anong uring kinabukanan ang gusto natin. Ngayon, ang karunungan at teknolohiya ay lumalaganap sa buong sandaigdigan. Tayo ba'y tatayo lamang sa isang tabi at hindi na tayo makikialam sa pag-unlad? Ang mahirap nito ay tanggap lang tayo nang tanggap; walang naman tayong naibibigay. Mayroong mga taong ang gusto kapag sinabing "Manatili kayong tayong kukuha ng anuman niyan ay "Huwag na tayong lalaki, huwag tayong kukuha ng anumang makatutulong sa atin." Katulad ng sinabi ni Eric: ang debelopment ay instrumento na magagamit. Ang tanong ko naman ay: Para saan?

'Yon ang dapat ninyong sagutin. Katulad halimbawa ng mga magsasaka sa Laguna noong 1950's. Bumili ang gobyerno ng bomba para makakuha ng tubig sa Laguna de Bay. Wala nang dapat gawin ang mga magsasaka kundi magbigay ng lakas. Neroon na ang mga inhinyero na nakakaalam ng irrigation works. Neroon na ang mga materyales. Pero ano ang nangyari? Ayon sa mga magsasaka kung talagang gusto raw ng Diyos na sila ay umani ng dalawa o tatlong beses sa isang taon ay magbibigay Siya ng ulan. Papaano mo mapaliliwanag kuri bakit iyong magsasaka ay ganito ang sinabi noong 1950's at ganito rin ang kanilang ginawa ngayong 1970's? Para sa kanila sila ay nanatiling tapat sa kanilang sarili bilang mga magsasakang Pilipino.

Sicat: Kung sakali kayang mayroong taga-kanluran o foundation na magbigay ng salapi para mapag-aralan natin ang sarili nating kalinangan, 'yon ba'y ating tatanggapin o tatanggihan dahil sa ito'y galing sa kanluran?

Epistola: Ewan ko, pero hanggang ngayon ay wala pang foundation na lumapit sa akin para magbigay ng pera para dito.

Lacanlale: Ang sabi ng kasamang SV, ang pagkaintindi daw niya ng development ay ang pag-upo sa Manila Hotel o sa tabi ng swimming pool. Papaano po naman nating magagawa iyon kung hindi tayo magpapaunlad ng sarili nating kabuhayan? Ang tanong ko ay: ang development po ba ay pag-upo sa tabing swimming pool at pagpapakasarap o yaong pagpapaunlad sa sarili para makaupo sa tabi ng swimming pool?

Epistola: Kaya ko naman nasabi iyon ay hindi lingid sa inyong kaalaman na hindi maliit ang suweldo ng taga-PCAS. Ngayon, magiging development iyon kung ang lahat ng nagtuturo sa UP ay magkakaroon din ng gayong suweldo. Kung lahat tayo ay magtatama ng ganoon, ang ibig sabihin noon ay umunlad na ang ating lipunan.

Reyes: Sa inyong pagtatalakay sa puwersa ng kalikasan na maaaring maging sagabal sa pagtatayo ng dike, paano naman nating malalabanan ang

"lakas" na pumipigil sa pag-unlad. Ang UP ay nag-aadvocate ng academic freedom subalit mayroong pa ring mga mata at tainga ng lakas ng mga namumuno ngayon. Paano natin mareremedyoan ang puwersang pumipigil sa atin?

Epistola: Noong araw natakot ako diyan. Kung takot ka hindi ka makapag-sasabi ng totoo sapagkat natatakot ka na pagkasabi mo ng totoo ay baka kung ano ang mangyari sa iyo. Ngunit matagal na akong nagsasabi ng totoo ay wala pa namang nangyayari sa akin. Kung ikaw ay isang propesor (ang ibig sabihin ay mayroon kang pinoprofess) ay kailangang maging hand kang panindigan ang pinaniniwalaan mo. Kung ang mga katotohanang pinaninindigan mo ay katulad ng katotohanang pinaninindigan ni Socrates o ni Rizal, na hindi lamang empirical truth kundi nasa antas ng pilosopiya, diyan ka magpakatao.